

HASAAN

Betad Pedlegamit: Isang Pag-aaral sa mga Varyasyon ng Wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula



Julieta A. Cruz-Cebrero

JH Cerilles State College, Zamboanga Del Sur

Si **Cebrero** ay propesor sa College of Arts and Sciences sa JH Cerilles State College (JHCSC), Mati, San Miguel, Zamboanga del Sur. Nagtapos ng Doktor ng Pilosopiya sa Filipino sa Mindanao State University- Iligan Institute of Technology, Iligan City. Nakapokus ang kanyang mga papel-pananaliksik sa wika at varyasyon ng Subanen sa Rehiyon 9 katuwang ang kanyang tapagayo na si Prop. Angelina L. Santos, PhD.

Abstrak

Ang mga Subanen ay isa sa mga etnikong pangkat na naninirahan sa Zamboanga Peninsula. Isinagawa ang pag-aaral upang malaman ang linggwistikong pagkakaiba sa wikang Subanen na ginagamit sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at sa Sindangan, Zamboanga del Norte. Kinalap ang mga katawagang kultural sa siklo ng buhay, pangkabuhayan at pananampalataya sa pamamagitan ng pamamaraang indehinus nina Santiago at Enriquez. Sinuri ang mga ito gamit ang kwalitatibo, kwantitatibo at deskriptibong pamamaraan. Sa huli, natuklasan na ang dalawang dayalek na Subanen ay may varyasyon sa leksikon, morpolohiya at ponolohiya.

Mga Susing Salita

sosyolinggwistika, varyasyon, dayalek, Subanen-Lapuyan, Subanen-Sindangan



Introduksyon

Ang *betad pedlegamit* ay salitang Subanen na nangangahulugang paggamit ng kultura- (betad-kultura at pedlegamit-paggamit). Tinutukoy nito na ang paggamit ng wika ay isang pagsasakultura at kung gagamitin ang wika ay mananatili ang kultura.

Ang wika ay tagapagpahayag ng kultura ng isang etnikong pangkat. Hangga't ang wika ay ginagamit, mananatiling buhay ang lipunan at kulturang pinaglilingkuran nito. Nakasalalay sa paggamit ng wika ang pagpapanatili ng kultura. Matalik na magkakaugnay ang wika at kultura at walang pag-unlad na magaganap kung mawawala ang isa. Sa katunayan, hindi maaaring mawala ang wika sa isang kultura at lipunan. Ang wika ay nasa kultura, kung ano ang estilo at paraan ng pananalita ay repleksyon ng kultura ng isang lipunan. Sa ginagamit na wika at paraan ng pagsasalita, maaaring makilala ang grupong kinabibilangan ng tagapagsalita bukod sa kanyang kilos, gawi, pananampalataya, damit, musika at iba pa.

Wika ang gumagabay sa tao upang tingnan, alamin at unawain ang mundong ginagalawan. Namumuhay ang tao nang may kamalayan sa mga katotohanang naganap at nagaganap sa kanyang paligid. Umaayon ang pahayag na ito sa haypotesis ni Sapir-Whorf (Magracia at Santos 16) na ang sinasalitang wika ng tao ay nagpapakita kung paano niya tinitingnan ang daigdig na kanyang ginagalawan. Ang wika ng tao ang nagbibigay sa kanya ng ideya kung ano ang daigdig na kanyang kinaroroonan at anumang konseptong labas sa kanyang daigdig ay magiging banyaga sa kanya. Hinuhubog ng wika ang kanyang mga nakikita, naririnig, nadarama at ang mga ideyang ibinibigay ng mga ito ang siyang bumubuo sa kanyang mga konsepto kung ano ang daigdig na kanyang pinananahanan (Magracia at Santos 16).

Ang dayalek ay varayti ng wika ng mas maliit na grupong panlipunan. Bunga ito ng heograpikal na katangian ng mga lugar na maaaring nahihwalay ng isang anyong tubig o kabundukan. Maaari ding mabuo ang dayalek dahil sa hangganan ng wika o *language boundary* na dulot ng migrasyon o paglilipat ng komunidad sa ibang lugar.

Ang wikang Subanen sa Rehiyon 9 ay binubuo ng iba't ibang dayalek kung saan kabilang ang Subanen sa Sindangan Zamboanga Del Norte (Sub-ZdN) at Lapuyan sa Zamboanga Del Sur (Sub-ZdS). 170 kilometro ang distansya ng mga lugar na ito. Bukod pa rito, nakikisalamuha rin mga ang sub-pangkat na ito sa iba pang etnikong pangkat para sa kanilang sosyal at ekonomikong

HASAAN

pangangailangan. Kaya makikilala ang kaibahan ng mga ispiker ng isang dayalek sa pamamagitan ng kanilang mga katawagan o terminong ginagamit. May mga linggwistikong tag o pagkakakilanlan kung saan madaling matukoy ang sub-pangkat ng Subanen.

Ang salitang Subanon/Suban-un/Subanen ay nagmula sa salitang-ugat na suba na nangangahulugang ilog at ang hulaping nen/non/nun ay nagpapahiwatig ng lugar na pinanggalingan. Kaya, ang ibig sabihin ng terminong Subanen ay isang tao o mga tao ng ilog/ sa itaas na bahagi ng ilog /kabundukan. Ang mga Subanen ang unang katutubong nanirahan sa Zamboanga Peninsula. Nakatira din sila sa Rehiyon 10 – sa probinsya ng Misamis Occidental at Misamis Oriental. Batay sa teoryang pandarayuhan (Zaide 34) ang mga Subanen ay kabilang sa mga Indones, pangkat na nandayuhan sa bansa, mga ilang libong taon na ang nakalipas. Sila’y tinatawag na lumad, kabilang sila sa unang mga katutubo na nanirahan sa rehiyon.

Sa kasalukuyan ang mga Subanen ay matatagpuan sa Rehiyon ng Zamboanga Peninsula at Probinsya ng Misamis Occidental at Misamis Oriental. Kabilang sila sa 110 etnikong pangkat sa Pilipinas. Dahil sa Republic Act 8371 o “The Indigenous Peoples Act of 1997” (IPRA) ay nabigyan ang mga indehinus at lokal na mga komunidad ng isang legal na balangkas para sa pagkilala, proteksyon at pagsusulong ng kanilang interes at ikabubuti, nang may pagsasaalang-alang sa kanilang mga ancestral domain, pamamahala at kapangyarihang pansarili, hustisyang panlipunan at mga karapatang pantao at kultural na integridad.

Bunga ng pagkakaroon ng mga varayti ng wikang Subanen, maaaring hindi na matukoy ang lehitimong wikang Subanen kaya’t nilalayan ng pag-aaral na maipreserba ang wikang Subanen sa rehiyon ng Zamboanga Peninsula. Ang papel na ito ay makatutulong sa mga Subanen lalo na sa mga bagong henerasyon upang magkaroon sila ng gabay sa pag-unawa at paggamit ng kanilang wika. Upang maisakatuparan ito, pinagsikapang sagutin ang sumusunod na katanungan:

(1) Ano ang mga katawagang kultural ng mga Subanen sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at Sindangan, Zamboanga del Norte sa siklo ng buhay (pag-aasawa, panganganak at kamatayan), pangkabuhayan at pananampalataya?

(2) May varyasyon ba ang mga katawagang kultural sa dalawang lugar batay sa – leksikon, ponolohiya at morpolohiya?

(3) Anong elementong linggwistikal ang higit na kakikitaan ng pagkakaiba o varyasyon?

Wikang Subanen-Lapuyan. Naging lingua franca ang wikang Subanen sa Lapuyan, Zamboanga del Sur dahil 75% sa kabuuang populasyon ay mga Subanen. Subanen lamang ang wika ng mayorya ng mga mamamayan, tanging ang mga matatandang Subanen na nagsasalita ng Ingles. Marami sa matatandang Subanen ang mahusay mag-Ingles at hindi makaintindi ng ibang wika. Ito ang dahilan kung bakit tinaguriang “Little America” ang bayan ng Lapuyan. Sa katunayan, dati, kung may mga dayong pumupunta sa Lapuyan na hindi marunong ng wikang Subanen, wikang Ingles ang ginamit nila sa pakikipag-usap sa matatandang Subanen (Dawang). Dahil malapit sa Margosatubig, naging aktibo ang interaksyon ng mga Subanen-Lapuyan sa mga Chavacano mula sa Zamboanga City, pati na rin sa mga Cebuano, Ilokano, Tausug, Maguindanaoan at Tagalog. Kalaunan sila ay nakapag-asawa at doon na nainirahan. Kahit na Cebuano ang lingua franca sa Zamboanga del Sur, naipreserba ng mga Subanen-Lapuyan ang kanilang kultura lalo na ang wika. Kapag may dayo na pumupunta sa nasabing lugar ay kailangan ng interpreter na maalam sa wikang Subanen. Dito pumasok ang teorya ng akomodasyon ni Howard Giles (Santos et al. 112) na nagpapaliwanag sa motibasyon at kinalabasan ng mga pangyayari kung bakit ang ispiker ay nagbabago ng estilo o paraan sa pakikipagkomunikasyon. Sa teorya ng *convergence*, ang indibidwal ay nagpupursiging makitungo sa kapwa sa iba’t ibang aspektong sosyal- edad, kasarian, estado sa buhay, hanapbuhay, pananampalataya, lugar, edukasyon at iba pa; at maging sa aspektong heograpikal upang magkalapit o mapaliit ang agwat na nakapagitan sa kanya at sa nakakasalamuha.


Wikang Subanen-Sindangan. Samantala, sa Sindangan, Zamboanga del Norte, Cebuano ang lingua franca. Ginagamit ang wikang Subanen sa loob lamang ng pamayanang Subanen. Ang bayan ng Sindangan ay malapit sa Zamboanga City na napapalibutan ng dagat. Madali sa mga Tausug na makipagkalakalan sa kanila. Ito ang dahilan ng pagkakaroon ng malaking varyasyon ng Subanen sa Sindangan. Sapagkat minoryang pangkat lamang ang mga Subanen, hindi nila maiwasang manghiram sa wikang nangingibabaw gaya ng Cebuano upang makisalamuha sa ibang grupo. Dahil dito ang mga Subanen na nasa lungsod ay naimpluwensyahan ng wikang nangingibabaw at hindi na ginagamit nang madalas ang kanilang wikang nakagisanan. Maipaliliwanag pa rin ng teoryang akomodasyon ang sitwasyon sa Sindangan. Di tulad sa Lapuyan, ang mga Subanen sa Sindangan ang nakikibagay sa iba’t ibang mga grupo kaya nagiging bukas sa higit na pagbabago ang kanilang wika.

HASAAN

Metodolohiya

Pamaraang indehinus nina Santiago at Enriquez (Pe-Pua 155 at Sevilla et al. 174-176) ang ginamit sa pangongolekta ng mga datos. Deskriptibong pamamaraan naman ang ginamit sa pagsusuri at pagtalakay. Ang modelo nina Santiago at Enriquez ay gumagamit ng dalawang iskala, ang iskala ng mananaliksik at iskala ng patutunguhan. Sangkot rito ang pakikitungo, pakikisalamuha, pakikibagay, pakikisama, pakikipagpalagayang-loob at pakikiisa.

Rehiyon ng Zamboanga (Rehiyon IX) ang lugar ng pananaliksik. Pinili ang bayan ng Lapuyan dahil ito ang sentro ng mga Subanen sa Zamboanga del Sur at ang Sindangan naman sa Zamboanga del Norte. 15 lugar ang pinagkunan ng mga datos sa Lapuyan at 26 naman mula sa Sindangan. Umabot ng anim na buwan ang pangongolekta ng datos.



Larawan 2. Mapa ng Zamboanga Peninsula

Ginamit ang mga sampling na convenience at snowball sa paghahanap ng mga impormante batay sa sumusunod na pamantayan: (1) katutubong Subanen na ang mga magulang ay taal na Subanen; (2) ipinanganak, lumaki at nananatiling nakatira sa mga lugar ng pag-aaral; (3) may edad na 50 pataas; (4) maalam sa kulturang Subanen; at (5) hindi nangibang lugar na nagdulot nang matagal na pagkakarayo sa etnikong grupong kinabibilangan. Sa bayan ng Lapuyan, walong (8) impormante ang ininterbyu at labinlimang (15) impormante rin naman ang naging bahagi ng survey. Sa Sindangan, walo (8) rin ang ininterbyu at dalawampu't anim (26) ang bahagi ng survey. Sa pangongolekta ng mga katawagang kultural, natulungan ang mananaliksik ng isang katutubong Subanen na bihasa sa mga wikang Subanen, Cebuano at Filipino. Tatlong uri ng talatanungan ang ginamit na idinaan muna sa field testing: Jabergs at Judd

Innovation, Edmond Edmonds Application of Guillerons Questionnaire, at Dieth-Orton. Ang unang dalawang talatanungan ay ang direktang paraan ng pangangalap ng datos kung saan may mga tanong o pariralang dapat punuan. Ang huling talatanungan ay nagpapakita lamang ng larawang tutukuyin ng mga impormante. Sa pag-aaral na ito, ginawan ng modipikasyon ang Dieth-Orton na ginamitan din ng direktang paraan ng pagtatanong.

Hinanay ang mga datos ayon sa lugar. Pinangkat ito batay sa mga kategorya ng katawagang kultural gaya ng pag-aasawa, panganganak at kamatayan; pangkabuhayan, na pinangkat sa paghahalaman, paghahayupan, pandaragatan; at iba pang kaugnay na gawain tulad ng mga katawagan sa pera, kulay, bilang, mga buwan ng taon, mga araw sa isang linggo, katawagang astronomikal, insekto, at uri ng panahon; at pananampalataya. Ang mga datos ay ginawan ng transkripsyong ponolohikal para naman makuha ang paraan ng pagbigkas ng mga salita ng mga Subanen sa Zamboanga del Sur at Zamboanga del Norte. Bumuo ng talahanayan ng mga datos. Upang maunawaan ng mambabasang hindi Subanen, hinati sa apat na kolum ang talahanayan. Ang unang kolum ay ang mga katawagang nasa Subanen Lapuyan (Sub-ZdS) na nakaayos nang palapabeto. Ang ikalawang kolum ay ang katumbas ng mga katawagan sa wikang Subanen Sindangan (Sub-ZdN). Ang ikatlong kolum ay ang katumbas ng mga katawagan sa wikang Cebuano at ikatlong kolum ay ang katumbas ng mga katawagan sa wikang Filipino.

Matapos maitala ang mga katawagang kultural sa ilalim ng bawat klasipikasyon, idinaan ito sa validation upang masiguro ang katumpakan ng pagkaklasipika. Muling dumaan sa validation ang mga salita matapos paghiwalayin ang mga salitang kultural na itinala sa ilalim ng mga sumusunod na kategorya – (1)leksikon ng wikang Subanen; (2) bokabularyong Subanen na magkaibang-magkaiba ang anyo; (3) bokabularyong Subanen na magkatulad ang anyo; (4) bokabularyong Subanen na magkaiba ang ispeling ngunit magkatulad ang kahulugan; (5) bokabularyong Subanen na magkaiba ang paraan ng pagbigkas; (6) bokabularyong Subanen na magkatulad ang paraan ng pagbigkas; (7) mga panlapi; (8) kombinasyon ng pagdaragdag at pagkakaltas ng ponema sa wikang Subanen; at (9) pagpapalit ng ponema sa wikang Subanen. Sa pagsusuring leksikal, hinati-hati ang mga leksikon sa tatlo – mga leksikong magkaibang-magkaiba sa anyo, mga leksikong magkakaiba lamang sa ispeling (isa o higit pang mga letra) at mga leksikong magkatulad na magkatulad sa anyo. Sa pagsusuring ponolohikal, ginamit ang transkripsyon sa alpabeto at palatunugang Subanen-Lapuyan at Subanen-Sindangan na nakuha mula

HASAAN

sa libro nina Quia et al. (25) at sa tulong ng International Phonetic Alphabet (IPA). Sinuri ang mga leksikon sa tatlong kategorya – paraan ng pagbigkas, uri ng diptonggo at uri ng kambal-katinig o klaster. Sa pagsusuring morpolohikal, inalam ang salitang-ugat at mga panlapi. Tinukoy din ang mga pagbabagong morpoponemikong nagaganap sa leksikon ng dalawang varayti ng wikang Subanen. Matapos na suriin ang mga bokabularyo, ponolohiya, at morpolohiya. Inalam ang mga elementong pangwika na higit na kinakitaan ng pagkakaiba o varyasyon.

Mga Resulta ng Pag-aaral

Mga katawagang kultural. Hinati sa tatlong kategorya ang mga katawagang kultural ng mga Subanen: siklo ng buhay, pangkabuhayan, at pananampalataya na makikita sa sumusunod na talahanayan.

Talahanayan 1. Kabuuang Bilang ng mga Katawagang Kultural ng mga Subanen mula sa Zamboanga del Sur at Zamboanga del Norte

Mga Katawagan	Bilang	Porsyento
Siklo ng Buhay	475	38.81
Pag-aasawa (100)		
Panganganak (96)		
Kamatayan (279)		
Pangkabuhayan	597	48.77
Paghahalaman (211)		
Paghahayupan (86)		
Pandaragatan o pantubigan (63)		
Katawagan sa iba pang hanapbuhay (69)		
Katawagang astronomikal at uri ng panahon (35)		
Panawag sa pangalan ng buwan ng taon (12)		
Mga araw sa isang linggo (7)		
Pangalan ng mga insekto (29)		
Panawag sa halaga ng pera (8)		
Panawag sa mga kulay (8)		
Panawag sa mga bilang (40)		
Panawag sa mga bahagi ng bahay (14)		
Panawag sa mga gamit sa bahay (23)		
Pananampalataya	152	12.42
Karaniwang katawagan sa pananampalataya (55)		
Ritwal, diyos/diyosa, gamit at iba pa (97)		
KABUUANG BILANG	1,224	100

Kapansin-pansin na sa mga katawagang kultural, pinakamarami ang bilang ng pangkabuhayan (597 o 48.77%) na sinundan ng mga katawagan sa siklo ng buhay (475 o 38.81%) at pinakakaunti ang mga katawagan sa pananampalataya na nakakuha lamang ng bilang na 152 o 12.42%. Lumabas sa pag-aaral na maraming katawagang nakolekta sa pangkabuhayan sapagkat ang pangunahing hanapbuhay ng mga impormante ay pagsasaka. Sa kabuuang bilang ng mga impormante, may pitumpu't limang (75%) bahagdan ang mga magsasaka. Maliban sa pagsasaka may impormante rin na pangingsida, pagtotroso at pangangaso ang hanapbuhay.

Ang terminong pangkabuhayan na nakolekta ay ikinaklasipika ayon sa paghahalaman, paghahayupan, pangkaragatan at iba pa. Kabilang din ang sumusunod na termino na may kaugnayan sa kabuhayan tulad ng katawagang astronomiko, mga buwan ng taon, mga araw sa isang linggo, mga insekto, halaga ng pera, kulay, bahagi ng bahay, at gamit ng bahay.

II. Panunuri sa mga katangiang linggwistika

A. Varyasyong Leksikal

Tinutukoy ng varyasyong leksikal ang mga salitang magkakaiba ang anyo ngunit may iisang kahulugan. Upang mapangkat ang mga salita, sinadyang isa-isahin o paghiwalayin ang mga salitang bumubuo sa mga partikular na katawagang kultural. Halimbawa, ang katawagang *mendagang gumhanok* (pagbebenta ng itlog sa Filipino) ng Sub-ZdS na may katumbas na *megdagang gumanok* sa Sub-ZdN ay hinati sa dalawa. Ito ang *mendagang/ megdagang* (pagbebenta) na isang pandiwa, ay inihiwalay sa *gumhanok/ gumanok* (itlog) na isang pangalan.

Talahanayan 2. Bilang ng Leksikon ng Subanen Lapuyan, ZdS at Sindangan, ZdN

Leksikon ng Wikang Subanen

Sub- ZdS at Sub- ZdN	Bilang	Porsyento
Magkaibang-magkaiba sa anyo	559	48.77
Magkaiba sa isa o dalawang letra	538	45.72
Magkatulad na magkatulad sa anyo	66	5.61
KABUUNANG BILANG	1,176	100

HASAAN

Mga Halimbawa:

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
Magkaibang-magkaiba sa anyo		
Akhad	Dumingo	Linggo
belathik	penensul	Marso
binathaen	penagay	inaanak
Nagkakaiba lamang sa ispeleng		
abokado	gabukado	abokado
dlibon	glibun	babae
gbegas	begas	bigas
Magkatulad na magkatulad sa anyo		
delaga	delaga	dalaga
gilek	gilek	kilikili
ngisi	ngisi	ngipin

B. Varyasyong Ponolohikal

Pagkakaiba-iba sa mga tunog o ponema ng isang wika ang tinutukoy ng varyasyong ponolohikal. Alinmang wika ay may sari-sariling makabuluhang tunog. Makabuluhan ang mga tunog na ito sapagkat itoy nakapagpapaiba sa kahulugan ng mga salitang bumubuo sa wika.

Ang varyasyong ponolohikal sa pag-aaral na ito ay hinati sa tatlo – paraan ng pagbigkas, diptonggo at kambal katinig.

1. Paraan ng pagbigkas

Malumay/ Maragsa

Fil. – bago (uri ng gulay) Fil. – pusod

Sub-ZdS -- /ba.guh/ Sub-ZdS -- /phu.səd/

Sub-ZdN -- /bagu?/ Sub-ZdN -- /pusəd/

Sa mga halimbawa sa itaas, makikita na ang mga salitang binibigkas nang malumay sa Subanen-Lapuyan ay binibigkas nang mabilis sa Subanen-Sindangan. Samantala sa sumusunod na mga halimbawa, ang binibigkas nang mabilis sa Subanen-Lapuyan ay binibigkas naman nang malumay sa Subanen-Sindangan.

Mabilis/ Malumay

Fil. – babae	Fil. – kakaw
Sub-ZdS -- /dlIbun/	Sub-ZdS -- /khakaw/
Sub-ZdN -- /gII.bun/	Sub-ZdN -- /ka.kaw/

Ang sumusunod namang mga salita ay binibigkas nang malumay sa parehong dayalek.

Malumay

Fil. – langis	Fil. – apog
Sub-ZdS -- /dla.nah/	Sub-ZdS -- /ga.phug/
Sub-ZdN -- /la.nah/	Sub-ZdN -- /ga.pug/

Pareho namang mabilis ang paraan ng pagbigkas ng dalawang grupo sa sumusunod na salita.

Mabilis

Fil. – atip (bubong)	Fil. – gamot
Sub-ZdS -- /gətap/	Sub-ZdS -- /gbuluŋ/
Sub-ZdN -- /gətap/	Sub-ZdN -- /buluŋ/

May mga salitang maragsa ang paraan ng pagbigkas sa parehong dayalek tulad ng mga sumusunod.

Maragsa

Fil. – бага	Fil. – sampu
Sub-ZdS -- /gbaga ^ʔ /	Sub-ZdS -- /phulu ^ʔ /
Sub-ZdN -- /baga ^ʔ /	Sub-ZdN -- /pulu ^ʔ /

May mga salita sa parehong dayalek na pinahahaba ang paraan ng pagbigkas, ngunit kapansin-pansin na higit ang paraang ito sa Subanen-Sindangan.

Pagpapahaba ng pagbikas

Fil. – baha	Fil. – apat	Fil. – sikhmura
Sub-ZdS -- /bha/	Sub-ZdS -- /pat/	Sub-ZdS -- /gibusibus/
Sub-ZdN -- /ba ^ʔ /	Sub-ZdN -- /pa:t/	Sub-ZdN -- /gabus:a.busən/

HASAAN

2. Diptonggo

Diptonggo ang magkasamang tunog ng isang patinig at ng isang malapatinig. Sa dalawang lugar ng mga Subanen, may anim na anyo ang diptonggo sa Subanen-Sindangan -- /ai/, /ay/, /au/, /aw/, /ou/, at /ow/, samantala, tatlo lamang ang sa Subanen-Lapuyan -- /oy/, /aw/, at /ow/.

Halimbawa:

Sub-ZdS	Sub-ZdN	Filipino
medlehilelamay	mikpinitailay	nagmamahalan
ghendaw	gendaw	araw
gbaboy	babuy	baboy
sumaloy	suminaluy	bumili
phenileb	pektai	pananahi
mheranlag	milegenau	nalungkot

3. Kambal-Katinig o Klaster

Sa mga nakolektang salita , may 12 klaster ang Subanen-Lapuyan – dl, dw, gb, gl, gm, gw, ky, my, ny, sy, at ty. Samantala, tatlo naman ang klaster ang Subanen-Sindangan – bl, gl, at gw. Ang bl ay hindi natagpuan sa Subanen-Lapuyan.

Halimbawa:

Sub-ZdS	Sub-ZdN	Filipino
dleti	gleti	kidlat
dwà	duà	dalawa
gbages	bakes	sinturon
glaɣng	padas	palikpik ng isda
gmilemes	milemes	nalunod
gwayan	betung	kawayan
khapa	gwasay	palakol

Ang resultang ito ng pag-aaral sa ponolohiyang Subanen ay nagpapatunay sa sinabi nina O’Grady at Dubrovolsky (197) na higit na kapansin-pansin ang varyasyong ponolohikal sa isang wika. Sapagkat nakaapekto ang pagkakaiba-iba ng mga ponema tulad ng pagpapalit, paglilipit, pagdaragdag; ito’y nagdulot na malaking varyasyon sa baybay ng mga salita at gayundin naman sa pagbigkas

kaya madaling matukoy ang varyasyon ponolohikal.

C. Varyasyong Morpolohikal

1. Morpema ng Salitang-ugat

Halimbawa:

Sub-ZdS	Sub-ZdN	Filipino
belayan	luwatan	dote/bigay kaya
bethut	bektut	kuba
dlehu	sub	damit

2. Morpemang Panlapi

Natukoy ang 21 unlapi sa dalawang dayalek:

Sub-ZdS – *he-, hephe-, me-, mhen-, mig-, phe-, phedle-, meg-, mhe-, mhi-, ming-, at mi-*;

Sub- ZdN – *meke-, pape-, pekpe-, mek-, meg-, me-, pegi-, peg-, mi-, mig-*)

Sa unlapi, tatlo lamang ang magkatulad: *me-, mi-* at *mig-/meg*. Sa gitlapi naman, dalawa lamang ang magkatulad: *-in-* at *-um-*.

Sa hulapi, dalawa lamang ang magkapareho – ang *-en* at *-an*; at sa kabilaang panlapi, wala kahit isa sa mga kombinasyon ang magkakatulad:

Sub-ZdS – *he- -en, khi- -an, phe- -an*;

Sub-ZdN – *ka- -an, tali- -an, kele- -an, pigle- -an*.

Halimbawa

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
Unlapi		
hephetubu	mekpetubu	pag-alaga
methangag	mektangag	pagtanan
miguthem	migutem	nagugutom
Gitlapi		
sumaloy	suminaloy	bumili
thumap	pektaap	pagtahip
Hulapi		
dlemeten	lemeten	paglalaro
dlemphanan	lemphanan	gulayan
thulugen	tulugen	inantok

HASAAN

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
Kabilaan		
khibetanan	talibetaan	bahay bata
phegethawan	piglegetawan	matao
phenlebengan	kelebengan	libingan

3. Pagbabagong Morpoponemiko

Sa pag-aaral sa wikang Subanen natuklasan na may anim (6) na uri ng pagbabagong morpoponemiko — (1) asimilasyon; (2) pagpapalit ng ponema; (3) pagkakaltas ng ponema; (4) paglilipat- diin; (5) pagdaragdag ng ponema; (6) pagdaragdag at pagkakaltas ng ponema at iba pang ponemang patinig at katinig na nagpapalitan.

a. Asimilasyon

Ang pagbabagong ito ay nagaganap dahil sa pagbabagong anyo ng morpema dulot ng impluwensya ng mga katabing tunog nito. Kinabibilangan ito ng mga panlaping nagtatapos sa *-ng* katulad ng *sing-* na maaaring maging *sin-* o *sim-*. Gayundin ang *pang-* na maaaring maging *pan-* o *pam* dahil sa impluwensya ng kasunod na katinig. Ang mga salitang inuunlapihan ng *sin-* at *pan-* ay mga salitang nagsisimula sa /d, l, r, s, t/. Ang mga salitang inuunlapihan ng *sim-* at *pam-* ay mga salitang nagsisimula sa /b, p/. At ang mga salitang inuunlapihan ng *sing-*, *pang-* at *mang-* o iyong mga walang pagbabagong nagaganap ay mga salitang nagsisimula sa patinig na /a, e, i, o, u/ at katinnig na /k, g, h, m, n, w, y/ (Edroza- Matute 20). Makikita sa ibaba ang ilang halimbawa ng asimilasyon.

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
shung bhalay /shung bha.lay/	sumbalay /sumba.lay/	kapitbahay
mhenguling /mhøngu.ling/	meleguling /mølə.guling/	pag-uuling
phemingguwit /phøming.guwit/	mimenggwit /mimøng.gwit/	pamimingwit

b. Pagpapalit ng Ponema

May mga ponemang malayang nagpapalitan na nakapagpapaiba sa ispeleng at bigkas, at nakapagbabago rin sa anyo ng salita pero nanatili ang kahulugan.

Patinig

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
/e/ - /i/		
dlemonsito /dlø.monsito/	glimonsto /glimon.sito/	kalamansi
dlegenan /dlø.gønan/	ligenan /li.gønan/	naghirap

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
dbebingka /gbø.bingka/	bibingka /bibingka/	bibingka
/ i / - /e/		
bhintul /bhin.tul/	bentul /bøn.tul/	pagpalo
gmilemes /gmi.lømes/	melemes /møle.mes/	nalunod
/e/ - /a/		
gmeishan /gmø.ishan/	maisán /mai.san/	taníman ng mais
shera-en /shøra.øn/	sedà an /søda.an/	ulam
/o/ - /u/		
abokado /abo.kado/	gabukado /gabu.kado/	abokado
don /don/	daun /daun/	dahon
/u / - /o/		
dlungun /dlu.ngun/	lungon /lu.ngon/	kabaong
phulut /phu.lut/	pulot /pulot/	malagkit
/a/ - /e/		
bhagisan /bhagi.san/	begisan /bøgi.san/	pating
mitahaw /mita.haw/	mitekaw /mitø.kaw/	aksidente
phawihan /pha.wihan/	pawiken /pawi.ken/	pawikan
/a/ - /i/		
mangustan /ma.ngustan/	mangustin /mangus.tin/	mangosteen

Katinig

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
/ r / - /d/		
gberes /gbø.røs/	bedes /bødes/	buntis
pheru /phø.ru/	pedu /pedu/	apdo
/ h / - /k/		
mitahaw /mita.haw/	mitekaw /mitø.kaw/	aksidente
khenuho /khø.nuho/	kenuko /kønu.ko/	kuko
/ d / - /g/		
dlemonsito /dlø.monsito/	glimunsito /glimun.sito/	kalamansi
dlibon /dli.bon/	glibun /gli.bun/	babae
/b/ - /d/		

HASAAN

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
khambing /kham.bing/	kanding /kanding/	kambing
/g/ - /l/		
ghangaman /ghang.gaman/	langaman /langga.man/	gamit sa pag-aani
/g/ - /t/		
phanig /pha.nig/	panit /pa.nit/	balat ng kahoy
/l/ - /g/		
khulita /khu.lita/	kugita /kugi.ta/	pugita
/m/ - /n/		
khambing /kham.bing/	kanding /kanding/	kambing
/r/ - /l/		
giras /ghi.ras/	bilas /bi.las/	bilas
/t/ - /s/		
tikwa /tik.wa/	sikwa /sik.wa/	sikwa
/w/ - /u /		
dwa /dwa/	dua /dua/	dalawa
/y/ - /i/		
hya /hya/	kiya`/kiya/	tiyo
myangel /mya.ngel/	miangel /mia.ngel/	nasugatan

c. Pagkakaltas ng Ponema

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
bhenguwit /bhøn.guwit/	beng`wit /bøng.wit/	bingwit
ginhurem /ginhu.røm/	inurem /inu.røm/	bangungot
phunen /phu.nøn/	pun /pun/	puno

d. Pagdaragdag ng Ponema

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
dlawas /dla.was/	lawasen /la.wasøn/	katawan
gunlu /gun.lu/	gunglù /gung.lu/	higante
mhesit /mhø.sit/	mesait /mesa.it/	masakit

e. Pagkakaltas at Pagdaragdag ng Ponema

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
hinal /bhi.nal/	binaalan /bina.lan/	kaingin
dlimbung /dlim.bung/	melimbung /mølim.bung/	sinungaling

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
pethud /pə.thud/	kepetuud /kəpə.tu-d/	paniniwala

f. Paglilipat ng diin

Sub- ZdS	Sub- ZdN	Filipino
dlemphanan /dləmpha.nan/	lemphanan /ləmpa.nan/	gulayan
methangag /mə.thangag/	megtangag /məg.tangag/	magtanan
thebuwan /thəbu.wan/	tebuan /təbu.an/	tubuhan

Karaniwang nakakaltas ang isa sa mga ponema ng mga klaster sa Subanen-Lapuyan kung ihahambing ang mga salita sa Subanen-Sindangan tulad halimbawa ng salitang *bhunga* ng Lapuyan kung saan *bunga* ito sa Sindangan. Makikita na nakaltas ang /h/ ng Lapuyan sa Sindangan. Nangyayari rin ito sa klaster na /dl/ kung saan nawawala and /d/ sa Subanen-Sindangan tulad ng salitang *dlana* ng Lapuyan na nagiging *lana* sa Sindangan, *dlangit* Lapuyan na nagiging langit din sa Sindangan.

Batay sa mga naitalang impormasyon, may mga nananatili pa ring mga katawagang kultural ang dalawang grupo ng mga Subanen sa Zamboanga Peninsula lalo na sa mga katawagang pangkabuhayan. Ngunit higit na naaapektuhan ang kanilang paraan ng pananampalataya na kung hindi isasabuhay ay maaaring mawala sapagkat higit na malakas ang impluwensya ng Cebuano bilang rehiyonal na lingua franca.

Sa pagsusuring sosyolohikal, napag-alaman na ang mga Subanen sa Sindangan ay naimpluwensyahan ng pakikisalamuha sa ibang grupo tulad ng mga Cebuano, Tausug, Ilonggo, at Tagalog na lumikas mula sa Luzon at Visayas. Ang kanilang pakikibagay ay nabunga ng unti-unting pagpasok ng ibang wika. Samantala, sa bayan ng Lapuyan nakasalamuha rin nila ang mga misyonerong Amerikano noon kung saan naaapektuhan ang kanilang wika sa pamamagitan ng paggamit ng mga aspirated sound gaya ng /th/, /ph/, /sh/ dahil dito tinatawag ang bayan ng Lapuyan bilang “Little America”. Subalit, dahil sila ang mayorya sa Lapuyan, napreserba nila ang kanilang wika sa gitna ng pagdating ng iba pang mga pangkat-etniko.

Marami sa mga Subanen ngayon ang ikinahihiya ang pagiging Subanen dahil sa palagay na mas prestihyoso ang ibang wika tulad ng mga Cebuano kaysa sa kanilang grupo. Dahil dito marami sa mga Subanen ang ikinahihiya ang pagiging Subanen, pilit nilang itinatago ang sariling identidad at iniaangkop ang sarili kung ano ang wikang nangingibabaw sa lipunan. Walang diskriminasyon

HASAAN

laban sa mga Subanen sa Zamboanga Peninsula na galing sa mga hindi Subanen ngunit, ang mga Subanen mismo ang nag-isip ng ganoon kaya sila'y nanghihiram sa dominanteng pangkat gaya ng mga Cebuano.

Patuloy na nagkakaroon ng malaking varyasyon ang wikang Subanen na ginagamit sa Lapuyan, Zamboanga del Sur at Sindangan, Zamboanga del Norte. Bagamat maituturing pa ring *mutually intelligible*, maaaring dumating ang panahon na ang mga dayalek na ito ay maging magkaibang wika kung hindi gagamitin at babalikan ang kasaysayan at kulturang Subanen.

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, iminumungkahi ng papel na patatagin ang pagpapagamit ng unang wika batay sa programang *Mother Tongue Based- Multilingual Education (MTB-MLE)* sa mga lugar ng Subanen sapagkat makatutulong ito upang hindi ikahiya ng mga batang Subanen ang kanilang kultura at wika. Maaari ding ipakilala ang kulturang Subanen sa pamamagitan ng pagtatanghal ng kanilang sayaw at mga awitin sa mga eskwelahan o kasiyahang pangkomunidad. Bukod dito, nararapat na magsagawa ng ekstensibong pananaliksik tungkol sa (a) panitikang Subanen; (b) wikang Subanen; (c) awiting Subanen; at (d) sayaw ng mga Subanen. Maaari ding palawakin ang pag-aaral na ito gamit ang limang sub-pangkat ng mga Subanen – Southern Subanen, Central Subanen, Northern Subanen at Kalibugan na matatagpuang lahat sa Zamboanga Peninsula. Dapat ring magsagawa ng pananaliksik sa paglilikom ng mga terminong Subanen sa pagsasagawa ng mga ritwal sa siklo ng buhay upang makauo ng isang diksyunaryong kultural.

Mga Sanggunian

- Apatan, Kimberly F. "Lapuyan: The Little America of Zamboanga Peninsula (The story of Lapuyan Subanen and the American Impact 1912 – present)." M.A. Tesis, Mindanao State University – Marawi Campus, 2011. Nakalimbag.
- Apostol, Carlos S. Al Hajj. *The Subanen Original Inhabitants of Western Mindanao*.(2006).Web. Oktubre 11, 2011.
- Apostol, Mike S. *Timuays, Subanon King of Zamboanga City*. (2007). Web. Oktubre 11, 2011.
- Bautista, Maria Lourdes S. *Readings in Philippine Sociolinguistics* (2nd ed). Manila: De La Salle University Press, 1996. Nakalimbag.
- Brichoux, Felcia. *A Voice from Many Rivers Central Subanen Oral and Written Literature*. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 2002. Nakalimbag.
- Campbell, William G., et al. *Form and Style Theses, Reports, Term Papers* 8th ed. USA: Houghton Mifflin Co., 1991. Nakalimbag.
- Chambers, Jack K. at Peter Trudgill. *Dialectology*. Cambridge: Cambridge University Press, 1994. Nakalimbag.

- Constantino, Pamela C. at Monico M. Atienza. Ed. *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. Nakalimbag.
- Coupland, Nikolas at Adam Jaworski. *Sociolinguistics a Reader and Sourcebook*. New York: Palgrave McMillan, 1997. Nakalimbag.
- Dugho, Jeany T. "Mga Piling Awiting Subanen: Isang Pagsusuri." Di-Gradwadong Tesis. JH Cerilles State College – Mati Campus, 2005. Nakalimbag.
- Enriquez, Joy V. "A Legend of the Subanen Buklog." M.A.Tesis. Xavier University, 2003. Nakalimbag.
- Fishman, Joshua. *Language and Ethnicity in Minority Sociolinguistics Perspective*. England: Multilingual Matters Ltd., 1989. Nakalimbag.
- Fromkin, Victorina at Robert Rodman. *An Introduction to Language* 3rd ed. New York: Thomson Heinle, 1983. Nakalimbag.
- Georsua, Raquel B. *Traditional Practices Among Subanen in Lapuyan, Zamboanga del Sur with Special Reference to Music*. Diss. Unibersidad ng Diliman, 1987. Nakalimbag.
- Gudykunst, William B. *Intercultural Communication Theory Current Perspective*. New Delhi: SAGE Publications, 1983. Nakalimbag.
- Hufana, Nerissa L. *Wika, Kultura at Lipunang Pilipino*. Iligan City: DFIW, MSU-IIT, 2010. Nakalimbag.
- Magracia, Emma. B. Angelina L. Santos. *Pagsulat ng Proposal sa Pananaliksik sa Filipino*. Iligan City: DFIW, MSU-IIT, 2010. Nakalimbag.
- Manaya, Natividad. *Subanen Indigenous Culture Changes and Problems: Their Implications to Educational Administration*. Diss. WMSU, 1984. Nakalimbag.
- Matute, Genoveva Edroza, Paz M. Belvez, Corazon E. Kabigting. *Filipino sa Bagong Panahon Binagong Edisyon*. Metro Manila: National Book Store Inc., 1991. Nakalimbag.
- Montgomery, Martin. *An Introduction to Language and Society* (2nd ed.). London: Routledge, 1995. Nakalimbag.
- O'Grady, William at Walter Dobrovolsky. *Contemporary Linguistics Analysis An Introduction*. Toronto: Copp Clark Pitmann Ltd. A Longman Company, 1983. Nakalimbag.
- Pasion, Raymund M. Yang *Pagbul'uk bul'uk: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental*. Diss. MSU- Iligan Institute of Technology, Iligan City, 2013. Nakalimbag.
- Pe-Pua, Rogelia. *Sikolohiyang Pilipino Teorya, Metodo at Gamit*. Quezon city: UP Press, 1989. Nakalimbag.
- Peregrino, Jovy C., Pamela C. Constantino, Nilo S. Ocampo. *Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, 2002. Nakalimbag.
- Quia, Maganda D., Rev. Robert F. Rice, Rev. Lorenzo Quia Jr. *Shulu Pegenaran 1-26. Subanen Lapuyan Dlibru I*. Literary Evangelism International, 1980. Nakalimbag.
- Quia, Maganda D., Rev. Robert F. Rice, Rev. Lorenzo Quia Jr. *Shulu Pegenaran 27-60. Subanen Lapuyan Dlibru II*. Literary Evangelism International, 1980. Nakalimbag.
- Rubin, Ligaya T., Arthur P. Casanova, Eugene Y. Evasco, Heracleo D. Lagrada, Ariel B. Vidanes. *Wika, Kultura at Lipunang Pilipino sa Panahon ng Impormasyon*. Manila: Rex Book Store, 2002. Nakalimbag.
- Samin, Mila A. *The Cause of Homelessness in Four Select Cities in Mindanao, Causes, Risks, Effects 2009: Basis for Proposed Intervention Program*. Diss. Mindanao State University – Marawi Campus, 2010. Nakalimbag.

HASAAN

- Santiago, Carmen , Virgilio G. Enriquez. *Tungo sa Makalipunang Pananaliksik, Sikolohiyang Pilipino Teorya, Metodo at Gamit*. Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 1989. Nakalimbag.
- Santos, Angelina. L., Emma B. Magracia . *Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Wikang Filipino at Iba Pang mga Wika at Wikain*. Iligan City: DFIW, MSU-IIT, 2010. Nakalimbag.
- Santos, Angelina L., Nerissa L. Hufana, Emma B. Magracia. *Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon Teksbuk Workbuk sa Filipino*. Malabon City: Mutya Publishing House, 2012. Nakalimbag.
- Sevilla, Consuelo G. , Jesus A. Ochave, Twila G. Punsalan, Bella P. Regala, and Gabriel G. Oriante. *Research Methods Revised Edition*. Manila: Rex Book Store; 1992. Print
- Suminguit, Villorino J. "The Subanen Culture in Mount Malindang: An Ethnography." M.A.Tesis. UP-Diliman, 1989. Nakalimbag.
- Tiyagi, Darshna. *Linguistic Anthropology Annual Publications*. New York: PUY Ltd., 2006. Nakalimbag.
- Tiemeyer, Bertain. O.F.M. *Suk Tandan Nangok Subanen – Ang Mitolohiya, Mga Pagtoo ug Mga Ritwal ng Seremonyas sa mga Subanen*. Quezon City: Kadena Press, 2001. Nakalimbag.
- Tundag, Fidela K. "Mga Kultural na Katawagang Higaunon: Isang Panimulang Pagtutumbas sa Cebuano at Filipino." M.A.Tesis. MSU-Iligan Institute of Technology, 2010. Nakalimbag.
- Wood, Julia. T. *Communication Theories in Action an Introduction*. USA: Woodsworth Publishing Company, 1995. Nakalimbag.
- Zaide, Sonia. M. *Philippine History & Government 4th ed*. Quezon City: All Nations Publishing House, 1999. Nakalimbag.

Mga Panayam:

- Andus, Ernesto. Personal na Interbyu. 31 Enero, 2012
- Bualan, Heide. Personal na Interbyu. 10 Abril, 2012.
- Dalap, Marcelina. Personal na Interbyu. 13, Disyembre, 2011.
- Dawang, Alejandro. Personal na Interbyu. 08 Nobyembre, 2011.
- Guilingan, Isis. Personal na Interbyu. 28 Disyembre, 2011.
- Hernane, Lordith T. Personal na Interbyu. 28 Nobyembre, 2011.
- Imbing, Jessie Singgo. Personal na Interbyu. 20 Pebrero, 2012.
- Isaw, Farolito Q. Personal na Interbyu. 27 Enero, 2012
- Lingating, Aleli Grace D. Personal na Interbyu. 13 Marso, 2012.
- Lusay, Jefferson. Personal na Interbyu. 04 Oktubre, 2011.
- Lusay, Roland H. Personal na Interbyu. 18 Enero, 2012.
- Macapala, Delio. Personal na Interbyu. 12 Disyembre, 2011.
- Mariano, Romero G. Personal na Interbyu. 16 Enero, 2012
- Masurong, Ester Sango. Personal na Interbyu. 15 Disyembre, 2011.
- Otap, Marcelino. Personal na Interbyu. 16 Disyembre, 2011.
- Oto, Rosemarie G. Personal na Interbyu. 4 Abril, 2012.